**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume VII, Issue II**
**November 2025**
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

# SI RUMAYAN AT SI SUBAYAN
## (Ang Alamat ng Kalookan)

**REMUS SANTOS PARAS**
Llano High School
remus.paras@deped.gov.ph

**Mga Tauhan**

**Rumayan** -anak na babae ni Lumayon

**Subayan**-anak na lalaki ni Lumayon

**Lakan-Lumayon** -Ama nina Rumayan at Subayan, pinuno ng tribo

**Adlawan**- Asawa ni Lumayon

**Lubang Gani**- Ama ni Lumayon

**Lakan-Magani**- Ama ni Lubang Gani at Lolo ni Lumayon

**Bagusa-** Isang babaylan

**Amankinable**- Panginoon ng mga karagatan

**Aman Sinaya**- Diyos ng tubig at patron ng mga mangingisda

**Dumangan**- Diyos ng masaganang ani

**Berkakan**- isang uri ng dambuhalang isda

**Tigmamanukan** – isang uri ng itim na ibon na pinanainiwalaang nagbibigay signos o babala sa tao.

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

# INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue II
November 2025
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*


**SINOPSIS:**

Itinakda noong panahong bago ang kolonyalismo sa Pilipinas, ang istoryang ito ay naglalarawan sa mayaman at makulay na kultura ng mga taong naninirahan sa baybayin ng look. Nakasentro ang istorya sa kambal na anak ni Lakan-Lumayon na sina Rumayan at Subayan, at kung paanong tahasang nakadaupang-palad ng mga Pilipino ang kinikilala nilang mga diyos at diyosa. Ipinapakita rin sa istorya ang pagtalima ng mga Pilipino sa mga tagubilin, sa mga batas ng kalikasan, at sa mga kasunduan ng tao at mga banal na nilalang. Ang pagpapakita ng pulang buwan, tanda ng tipan sa pagitan ng diyos na si Amankinable at ng mga taga-look, ay tila pilat na nagsisilbing paalala sa mga tao. Datapwat, ang pagtalima sa kasunduang ito ay nagdulot ng takot sa tahimik at payapang pamumuhay ng buong tribo. Sa pagsilang ng kambal, ay magwakas na kaya ang pangambang hatid ng diyos ng karagatan, o lalong lamang mapoot si Amankinable sa mga taga-look?

**1**

Ito ay isang kwento noong unang panahon, mga panahon ng mito at alamat, ng mga diyos at diyosa at kung paanong ang mga banal na nilalang ay nakadaupang-palad ng mga katutubong Pilipino sa kanilang araw-araw na pamumuhay sa daigdig.

Ang mga alituntuning gumagabay sa sikulo ng buhay ng mga katutubong Pilipino, na sumasalamin sa mga batas ng kalikasan at mga hamon na sumusubok sa katatagan ng isang tao. Ang pagtitiwala sa kanyang sarili at sa kanyang kakayahang higitan ang anumang pagsubok na kahaharapin nang may pananampalataya sa kanyang lumikha ay saklaw ng pag-


**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

iral sa kapuwa-tao, sa pamilya, sa lipunang kanyang kinabibilangan at sa mundong kanyang ginagalawan.

**2**

Sa Timog-kanluran ng kalupaan ng Luzon, ay may matatagpuang isang pamayanang namumuhay malapit sa look. Masagana ang pamayanang ito gawa na din ng lokasyon nitong pinapagitnaan ng malawak na lupaing sakahan at di-maabot-tanaw na katubigan na sadyang sagana sa iba't ibang yaman at mga lamang dagat. Ang lahat ng biyayang tinatamasa ng pamayanang ito ay ipinagpapasalamat nila sa mga patrong diyos na si Dumangan, para sa masaganang ani, at diyosa na si Aman Sinaya para sa yaman ng karagatan.

**3**

"sulitin ang lahat ng mga ani upang maiulat ito sa ating panginoon" ang utos ng tagapangasiwa ng mga manghahasik. Agad kumilos ang mga kalalakihan at tinipon ang mga pananim upang ito ay maihanda at maiulat kay Lakan-Lumayon. "aabutin tayo ng apat na araw upang masinop ang lahat ng mga ito" ang wika ng mga mangahahasik. Nag-uumapaw na palay, mais, kamote, iba't ibang mga pananim at butong gulay ang kanilang nasinop. Ang mga punong tulad ng saging, marang, bignay, mangga, suha at santol ay hitik na hitik din sa mga bunga.

**4**

Sa gawing baybayin ng look naman ay makikita ang masisiglang mga mamamalakay sa paghatak ng kanilang mga lambat mula sa kanilang bangkang pangisda. Ipinagkaloob sa kanila ng look ang samo't saring mga isda tulad ng matambaka, kitang, tanigue, Lapu-lapu,

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

salaysalay, talakitok at dalagambukid sari-sari ding lamang-dagat at mga kabibe ang nakukuha nila sa look tulad ng hipon, talaba, tulya, alimasag, talimusak at tahong.

"Sulitin ang lahat ng mga huli, ihiwalay ang mga kabibe sa mga isda" ang utos ng tagapangaasiwa ng mga mamamalakaya. Kumilos at tinipon nila ang lahat ng lamang dagat sa mga malalaking buslo upang maihanda sa pagsusulit at maiulat sa Lakan.

**5**

Si Lakan-Lumayon ang pinuno sa bayan ng look. Maalam sa pamumuno ng pamayanan si Lumayon. Ang lahat ng kanyang mga ginagawang panukala at pasiya ay para sa ikabubuti ng kanyang nasasakupan. Sumasangguni si Lakan-Lumayon sa konseho ng tribo na binubuo ng mga matatanda upang humingi ng payo at gabay sa kanyang mga desisyon.

"Nagpatawag ako ng pagpupulong dahil sa isang mahalagang bagay na hindi natin maaaring isawalang bahala" ang wika ng Lakan sa konseho ng mga nakatatanda. "Nalalapit na ang pagsapit ng pulang buwan, tayo ay dapat na maghanda" ang wika ni Bagusa, ang babaylan ng tribo.

**6**

"Tulad ng ating kasunduan kay Amankinable, wala nang buhay na kukunin, kundi ang pinakamainam na mga isda at ani ang ating iaalay" ang matatag na sinabi ng Lakan.

"Bukas din ay nais kong mag-ulat sa akin ang mga tagapangasiwa" ang utos ni Lakan-Lumayon sa pinunong mandirigma. "masusunod po panginoon" ang tugon nito.

****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
****************************************************************************************************

**7**

Nang gabing iyon ay balisa si Lakan-Lumayon, malalim ang kanyang iniisip.

"Ano ang bumabagabag sa iyo, aking mahal?" ang malambing na tinig ni Adlawan. "hindi ka ba nasasabik sa nalalapit na pagsilang ng ating mga anak?" kasabay ng matamis nitong ngiti sa asawa

"Kayo ang aking kasiyahan, aking mahal" ang tugon ni Lumayon kasabay ng paghaplos nito sa tiyan ng kabiyak. "Naramdaman mo ba iyon aking mahal? Gumalaw ang mga bata" sa nasasabik na tinig ng asawa. kumislot ang kambal sa sinapupunan ng ina na tila masayang tumugon sa tinuran ng kanilang ama. "Gayun pa man, nangangamba ako na baka magbago ang isip ni Amankinable" ang tinuran ng Lakan.

**8**

Ang diyos ng karagatan na si Amankinable, ay isang diyos na masungit at mainitin ang ulo. Ang mga ninuno ni Lakan-Lumayon na unang nanirahan sa baybay ng look ay nasaksihanang kapangyarihan ng diyos na ito. Binalikan ni Lumayon sa kanyang gunita ang mapait nasinapit ng kanyang mga katribo sa kamay ni Amankinable. Malinaw na malinaw pa sa kanyang ala-ala ang pagpaparusang ginawa ng diyos ng karagatan sa kanyang ama. Noo'y lumaot si Lubang Gani, ama ng batang Lumayon, upang mangisda sa look kasama ang kanyang mga mahuhusay na mangingisda. Sa paghahanda ng kanilang mga bangkang pangisda ay mayroong napansin si Lubang Gani, ang ibong *Tigmamanukan* na nakadapo sa isang malabay na puno ng akasiya na tila nagmamsid sa kanilang pangkat na noon ay

*****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
*****************************************************************************************************

naghahandang upang mangingisda sa look. Ngunit ipinagwalang-bahala ito ng kanyang ama dahil alam niyang ginagabayan sila ng patrong diyos na si Aman Sinaya sa kanilang paglaot.

**9**

Pagkarating nila sa pusod ng look, ay inihugos nila ang mga lambat na gamit sa pangingisda. Habang inilalagay nila ang mga lambat sa tubig ay napansin ni Lubang-gani ang madilim na bahagi ng kaulapan na unti-unting lumalapit sa kanilang mga bangka. Ilang sandali pa ay paparating na ang mga daluyong mula sa di kalayuan, matataas ang mga ito at talaga namang kayang magbumuwal ng mga bangkang pangisda. Hinampas ng malalaking alon ang pangkat ng mga mangingisda at ang kanilang mga bangka.

**10**

Mula sa karagatan ay sumulpot ang diyos na si Amankinable! Umalingawngaw ang Isang malakas na tinig mula sa naglalakihang mga alon kasunod ng malakas na pagkulog "mga pangahas na taga-lupa! Lisanin Ninyo ang karagatang ito!" ang wika ng diyos sa mga mangingisda. "Kami ay naparito upang mangisda lamang" ang matatag na sagot ni Lubang Gani.

"Wala kayong karapatan na kumuha ng mga yaman dito, hindi ninyo pag-aari ang karagatan na ito" ang sabi ni Amankinable sa mga ito. "Si Aman Sinaya ang nagbigay sa amin ng buong Karapatan na mangisda sa karagatan na ito, siya lamang ang diyos na aming kinikilala!" ang matapang na tugon ni Lubang Gani kay Amankinable.

"Lapastangan! Tignan natin kung hanggang saan ka dadalhin ng iyong kahangalan!" ang sagot ng diyos ng karagatan.

****************************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
****************************************************************************************************************

**11**

Sa galit ng Diyos ay ikinumpas niya ang gintong piruya paitaas sa mga ulap at nagdilim ang buong kalangitan. Pagkatapos ay inilubog niya ang mga salapang nito sa isang bahagi ng karagatan. Ang sangkatlo ng karagatan ay nagkulay itim, hudyat upang pakawalan ang kanyang anak na Berkakan, isang dambuhalang isda na kumakain ng mortal. Nagimbal ang mga mangingisda, dinunggol ng dambuhalang isda ang mga bangka ng walang kahirap-hirap. Nagkapira-piraso ang mga bangka, ang mga lulan nito'y nahulog sa dagat at hinampas ng matataas na alon.

**12**

Agad na inutos ni Lubang Gani sa mga kasamahan na bumalik na sila sa kanilang bayan at isama ang kanyang anak na si Lumayon. "Iulat mo ang iyong nakita kay Magani at sa konseho ng nakatatanda" "Humayo kayo't magmadali!" Ang utos ni Lubang Gani. Ipinatong ng ama ang kanyang mga kamay sa mga balikat ng anak na si Lumayon. "Lumayon anak, tandan mo ang araw na ito, darating ang panahon mo, magiging pinuno ka ng ating tribo balang-araw. Maging tatatag ka!" Ngumiti ito sa bata na tila ito'y nagpapaalam na. Ito ang huling mga salitang narinig ni Lumayon sa kanyang ama.

**13**

Kinuha ni Lubang-Gani ang kanyang salapang at walang alinlangang tumalon sa dagat upang harapin ang Berkakan. "Amaaaaa!" ang sigaw ng nagsusumamong batang Lumayon. Gamit ang salapang at ang kahusayan nito sa pangingisda sa loob ng maraming taon ay

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

nagawang sugatan ni Lubang-Gani ang bunganga ng dambuhalang isda. Ngunit sa bagsik at lakas nito'y nilamon ng buo ang matapang na mandirigma.

Agad na nakarating sa kaalaman ni Magani ang pangyayari sa look at dahil dito ay nakipagtipan siya, kasama ang mga mamamayan ng look sa diyos na si Amankinable. Itinakda ng diyos ang panahon ng pagsamba tuwing ika-isangdaan at walumpung araw o sa pagsapit ng pulang buwan, ito ay upang mapanatili ni Magani ang kapakanan at kaligtasan ng kanyang mga nasasakupan at hindi na muling kumuha ng mga buhay ang dambuhalang isadang berkakan.

Ito ang mga pangyayaring naaalala ni Lumayon ng gabing iyon. "Mapanatag ka aking mahal, hindi tayo pababayaan ng mga diyos" ang wika ng kanyang asawa.

**14**

Simula noon, tuwing sasapit ang kabilugan ng pulang buwan ay lumilitaw ang Berkakan sa look, ito ay tanda ng kasunudang dapat tuparin sa pagitan ng mga taga-look at ng diyos na si Amankinable. Ang kasunduang ito ay nagpapaalala na ang diyos ng karagatan na si Amankinable lamang ang dapat nilang sambahin upang hindi na muling magkaroon pa ng mga pagbubuwis ng buhay at pagkawasak ng mga ari-arian. Nagpatuloy ang pagtupad sa kasunduang ito ng isang salinglahi hanggang sa dumating na ang takdang panahon ni Lakan-Lumayon na pamunuan ang kanilang tribo.

**15**

Kinabukasan, sa pagsikat ng araw ay humarap sa tahanan ng Lakan ang tagapangasiwa ng mga magsasaka at mangingisda upang mag-ulat sa kanilang pinuno.

*******************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
*******************************************************************************************************

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue II
November 2025
Available online at https://www.instabrightgazette.com

"Panginoon, mayroon po tayong isang daang sako ng mais, limang daang sako ng palay, dalawang daang kaing ng butong-gulay, animnapu't pitong kaing ng kamote, walumpu't tatlong kaing ng patatas at limampung buwig ng saging".

**16**

"Ang mga hayop?" ang pag-uusisa ng Lakan.

"dalawampung baka mula sa angkan ni Katid at apatnapu naman na inahing manok sa angkan nina Patawang at Tagkan". "Panginoon, isangdaang buslo po ng mga isda at tatlumpung buslo ng mga kabibe ang na sa daungan".

"Piliin Ninyo ang pinakamalalaking mga huling isda, ang pinakamatabang mga baka at pinakamainam na mga pananim, bago lumubog ang araw, ang lahat ay tutungo sa dambana ni Amankinable para sa pag-aalay" ang utos ng Lakan.

**17**

"Ang ikapu ng mga ani at huli ay ilagay sa imbakan ng pagkain, ang mga natira ay ipamahagi sa lahat ng mamamayan ng look". "Ako, Si Lumayon, ay tutupad sa napagkasunduan ng ama ng aking ama kay Amankinable" "ito ay itatala at ito ay mangyayari!"

"Masusunod po panginoon" ang sagot ng dalawang tagapaglingkod.

**18**

Nang gabi ding iyon ay abala ang mga tagapaglingkod sa tahanan ng Lakan upang magbantay ng kanilang Dayang na noo'y dumaranas ng matinding pagdaramdam sa panganganak. Sa paglitaw ng pulang buwan, kasabay ng pag-aalay sa dambana ni Amankinable, ay siya namang pagsilang sa kambal na anak ni Lakan-Lumayon at Adlawan.

**Editorial Team**

**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes

**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

Umalingawngaw sa tahanan ng Lakan ang uha ng mga sanggol "Kambal!" ang sambit ni Bagusa "isang babae at isang lalaki" sa nagagalak na boses. "Mahal, tignan mo sila" ang nakangiting wika ni Adlawan. "Papangalanan kita na Rumayan at ikaw naman ay Subayan" habang kalong-kalong ang mga sanggol sa kanyang mga bisig. Ito ang ibinigay na pangalan ni Lakan-Lumayon sa kanilang kambal na anak. "Ihanda ang pinakamainam na kambing at tayo'y magpapasalamat kay Bathala" ang utos ni Lakan-Lumayon sa punong tagalingkod.

**19**

Ang mga mamamyan sa look ay nagdiwang sa pagsilang ng kambal. May mga tumutugtog ng Agong at Kulintang habang ang mga balikat ng mga mananayaw ay maindayog na tumatalbog, ang ang mga kamay nila ay sabay-sabay na gumagalaw na waring mga alon sa saliw ng musika, tanda ng kanilang pagpapasalamat sa lahat ng mga biyayang kanilang tinatamasa at maluwalhating pagtanggap sa kambal na anak ni Lumayon at Adlawan.

**20**

Lumipas ang mga araw at buwan, at ang kambal ay mabilis na lumaki at namulat sa kultura ng kanilang bayan.

Sa gulang na sampu ay natuto na si Rumayan ng paghahabi ng iba't ibang makukulay na telang kasuotan, paglala ng mga banig at buslo, paggawa ng asin at paghulma ng mga palayok tulad ng gawain mga kababaihan sa tribo. Naging maalam din siya sa pagtatanim at paggawa ng mga halamang gamot sa kanilang lugar.

Si Subayan naman ay tinuruan ng kanyang ama sa iba't ibang paraan ng pangingisda, sa paghawak ng sibat at salapang, sa pag habi ng lubid, sa paglalayag sa dagat at pagbasa

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

sa mga alon upang maunawaan nito ang damdamin ng dagat. Natuto din ang kambal sa pagsulat ng baybayin mula sa kanilang ina at mga matatanda sa tribo. Namulat ang kambal sa mga tradisyong ginagawa ng tribo maging ang mga ritwal, mga sayaw at iba pang may kinalaman sa kanilang paniniwala at pagsamba sa mga diyos at diyosa.

**21**

Minsang ay nagtanong si Rumayan sa kanyang ina, "Ibu, bakit po kailangan nating magbigay ng alay para kay Amankinable sa tuwing sumasapit ang pulang buwan, samantalang ang Aman Sinaya naman po ang nagkakaloob sa atin ng masaganang huli?" Natigilan sandali ang ina sa paghahabi nito ng damit dahil sa pag-uusisa ng anak. "Rumayan, anak, alam kong hindi pa ito naikwento sa inyo ng iyong Bapa" tumitig ang batang babae sa ina na tila nag-aabang ng susunod na mga salitang sasabihin nito. "nakikinig po ako, Ibu" ang tinuran ng bata.

**22**

Hinaplos ng ina ang buhok ni Rumayan at isinalaysay sa kanya ang buong pangyayari tungkol sa kasunduan ni Magani, ang kanyang ninuno at ang sinapit ni Lubang-Gani na kanyang datuk. "tulad ng damit na ito, na sumisimbolo ng ating pakikipagtipan kay Amankinable, dapat na magpatuloy ang kasunduan upang makaiwas tayo sa poot ng diyos" "Bakit po ba napopoot ang Amankinable sa atin, ibu?" pag-uusisa pa ng bata. "darating ang panahon, na ikaw at si Subayan ang magpapatuloy ng tipan na ito, gawin ang nararapat upang manatiling tahimik at payapa ang ating bayan" ang nakangiting wika ni Adlawan sa bata. "Ngunit Ibu, ano ang magiging tingin sa atin ng Aman Sinayan kung gayon?" Ang nag-aalalang


**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

taong ni Rumayan. "Mauunawaan mo din ang mga bagay na ito, anak, pagsapit ng takdang panahon". Ang tugon ng kanyang ina.

**23**

Maingay na yabag ng mga paa ang gumambala sa pag-uusap ng mag-ina "Mahal a dayang, mahal na dayang! Masamang balita po!" sa humahangos na tinig ng alipin. "Huminahon ka, ano ang iyong dalang balita?"

"Mahal na dayang, kinakailangan po ninyong lumabas!" sabay turo ng alipin sa direksyon ng tarangkahan ng tahanan.

**24**

Madaling lumabas si Adlawan at Rumayan sa kanilang tahanan at sa kanilang paningin ay tumambad sa kanilang harapan ang mga taong nakapako ang tingin sa dalampasigan habang si Bagusa ay marubdob na nananalangin sa altar ni Amankinable. Sa kanilang kinatatayuan ay natanaw nila ang namumuong makapal at maitim na ulap sa papawirin sa hilagang bahagi ng dalampasigan. "Isang unos!" ang sambit ni Adlawan. Nagliparan ang mga ibong tigmamanukam mula sa mga puno, isang signos.

**25**

Maya-maya pa'y dumating na si Lakan-Lumayon at si Subayan sakay ng isang kabayo. "Magmadali ang lahat, Sinupin ang mga natirang pananim!" "Patibayin ang mga kamalig at imabakan ng mga binhi". Agad na kumilos ang mga kalalakihan at mga ama ng tahanan. "Subayan, anak samahan mo ang iyong Ibu, huwag mo siyang iiwan!" "opo Bapa!" ang tugon ng bata.

*****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
*****************************************************************************************************

**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume VII, Issue II**
**November 2025**
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

**26**

Agad na nagpatawag ng pulong si Lakan-Lumayon upang mapaghandaan ang paparating na unos. "Iminumungkahi ko na lisanin muna natin pansamantala ang bayan at humanap ng masisilungan sa paanan ng bundok" ang wika ng isang matanda ng tribo. "Gaano katagal bago sumapit sa baybay ang unos?"

"Maaring ngayong hating gabi" ang wika ng isa pang matanda ng konseho.

**27**

"Ito ay isang masamang pangitain, isang babala!" ang tinuran ni Bagusa. Kinuyom ni Lakan-Lumayon ang kanyang mga kamao "Taksil na Amankinable!" ang kanyang wika. "Ilikas ang lahat ng nasa tabing baybayin, tatahan tayo sa paanan ng bundok ngayong gabi. Dalhin ang lahat ng kayang dalhin, mga kalabaw, kambing baka...
magiging mahaba ang gabing ito!"

**28**

Ang mga piling mandirigma ng tribo at ilang mga kalalakihan ay naiwan sa bayan upang magsilbing bantay kasama ang kanilang pinuno. Habang unti-unting dumidilim ang kapaligiran ay siya namang paglakas ng hangin, umiihip ito at usmisipol sa papawirin. Ang mga daluyong ay nagngangalit sa paghampas sa mga Batuhan ng dlampasigan.

**29**

Binagtas ni Lumayon ang mga malalaking batuhan sa dalampasigan at ubod lakas siyang sumigaw "Amankinable! Ano pa ba ang iyong nais saming bayan!" "Tumupad ako sa napagkasunduan, ng ama ng aking ama!" ngunit tanging matataas na daluyong ang sumagot

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

sa Lakan. Nagpatirapa si Lumayon sa dambana ng diyos at tumangis, ngunit tila hindi ito naririnig ni Amankinable! "Panginoon mapanganib na po rito, kailangan na po nating lumikas!" ang wika ng kanyang kasamang mandirigma.

**30**

Sa kinaroroonan ng mga mamamyan, sa paan ng bundok ay marubdob na nanalangin ang lahat ng mga tao sa pangunguna ni Bagusa. "natatakot ako Subayan" ang wika ni Rumayan sa kapatid. "maging ako ay natatakot din, ngunit kailangan nating gumawa ng paraan upang mapatawad tayo ng Amankinable" "Lumapit tayo kay Aman Sinaya, alam kong hindi niya tayo pababayaan". Ang tugon ni Rumayan. "Ngunit nasa gitna tayo ng pagtawag" ang bulong ng kapatid. "Ngunit hindi tama na nakaupo lamang tayo dito" nagkatitigan ang kambal na tila nagkatugma ang kanilang iniisip. Habang ang lahat ng tao ay abala sa kanilang pananalangin ay palihim na tumakas ang kambal at nagpasiya na tunguhin ang dambana ni Aman Sinaya sa pusod ng kanilang bayan.

**31**

Sa kanilang pagtahak sa kagubatan ay nakarinig sila ng mga boses ng kalalakihan. Nauliligan din nila ang boses ng kanilang amang si Lumayon na patungo na sa paanan ng bundok upang bumalik na sa kanilang tribo. "Si Bapa, yumuko ka at baka makita ka niya" ang sabi ni Subayan. Nagkubli ang kambal sa isang malaking trosong nakabuwal at palihim na sinilip ang pangkat ng mga kalalkihan pabalik sa kanilang tribo. Pagkalagpas ng pangkat ni Lumayon ay nagpatuloy ang kambal sa kanilang paglakad. Sa masukal na gubat ay sinalubong ang kambal ng malakas na ulan, hangin na tila tumutlak sa kanilang katawan pabalik sa


**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

*****************************************************************************************************

paanan ng bundok. Ngunit hindi naging hadlang sa kanilang layunin ang mga nagliliparang dahon at sanga ng mga nagbabagsakang puno sa kanilang harapan.

**32**

Sa mataas na bahagi ng burol ay natanaw nila ang kanilang bayan na walang humpay na binabayo ng daluyong ng dagat at malakas na hangin. Nagliliparan ang mga bubuong ng mga tahanan,ang mga kagamitan ng mga bawat bahay ay nagkalat sa paligid, ang mga puno at mga halaman ay nabuot sa kanialng kinatitirikan. Sa baybay nama'y nagkapatong patong sa mga Batuhan ang mga sira-sirang bangkang pangisda. Delubyo, isang matinding delubyo.

**33**

"Subayan! tignan mo!" ang sigaw ni Rumayan habang nakaturo sa direksyon ng dalampasigan. "iyan ay isang Berkakan… ang sinasabi ni Bapa!" sa namamanghang tinig ng batang lalaki. Nakita ng kambal ang isang dambuhalang isda na paikot-ikot malapit sa dalampasigan na tila naghihintay ng taong matatangay ng malalakas na alon. Madali nila itong natukoy dahil sa maliwanag nitong ilaw na nakalaylay malapit sa noo ng dambuhalang nilalang. Sa di kalayuan ay natanaw na rin ng kambal ang dambana ni Aman Sinaya na noo'y nakatindig parin sa kabila ng malakas na ulan at hangin. "Malapit na tayo sa dambana ng Aman Sinaya" ang usual ni Subayan. Tinalunton pababa ng kambal ang burol at agad na nagtungo sa anito ng Aman Sinaya. Nagpatirapa at buong pusong nananling si Rumayan at Subayan sa diyosa.

*****************************************************************************************************
Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan
Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco
Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
*****************************************************************************************************

******************************************************************************************************

**34**

"Mahal naming diyosa, patnubayan niyo po kami at ilayo sa kapahamakang ito" ang nagsusumamong sabi ni Rumayan. "Aming Aman Sinayan, wala po kaming maiaalay sa inyo na mainam na ani o matabang huli, ngunit tanggapin po niyo ang aking alay, ito lamang po ang aking maibibigay". Sinugatan ni Subayan ang kanyang palad ng isang patalim at pinatak nito ang kanyang dugo sa palibot ng anito. Gayun din naman ay kinuha ni Rumayan ang patalim at pinutol nito ang kanyang buhok. Ibinigkis niya ito at ipinatong sa anito.

Ilang sandali pa ay gumalaw ang mga putik sa paligid ng dambana. Nagtipon-tipon ito at nag-anyong isang tao.

**35**

Nanlaki ang mga mata ng kambal sa kanilang natunghayan. Tila napako ang kambal sa kanilang kinauupuan habang nakatitig sa isang wangis ng babaeng nakatayo sa kanilang harapan. Habang bumubuhos ang malakas na ulan ay unti-unting natatanggal ang putik na nakabalot sa babae- si Aman Sinaya. "Naririnig ko ang inyong mga dasal aking mga anak, at nababasa ko ang nilalaman ng inyong mga puso" iniunat ng babae ang kanyang kamay na tila may nais iniaabot sa kambal.

**36**

Kinuha ito ni Rumayan sa kanyang dalawang palad. "isang binhi" ang wika ng bata.

"Upang matapos na ang paulit-ulit na sumpang ito, gamitin niyo ang pinagkaloob kong binhi na tatapos sa paghahasik ng takot at pangambang dulot ni Amankinable sa aking bayan"

******************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
******************************************************************************************************

"Ngunit ano ang magagawa ng butong ito laban sa Berkakan?" ang pagtatanong naman ni Subayan

"Maitataboy nito ang Berkakan at hindi na kayo kailanman gagambalain, wala nang mga buhay na magbubuwis at sumpang dapat harapin, ngunit, ang butong iyan ay mabubuhay lamang sa katwiran, pagmamahal sa kapuwa at pagnanais na maging isang sakripisyo para sa kapakanan ng nakararami". Unti-unting naglaho ang diyosa sa bumubuhos na ulan. Muling nagkatitigan ang kambal na tila tugma ang nasasaisip. Hawak-kamay silang tumungo sa baybayin at sinuong ang malakas na hangin at mga naglalakihang alon sa dalampasigan. Habang papalapit sila sa baybayain ay nakaramdam ang kambal ng kaluwalhatian at nagliwanag ang buo kanilang katawan.

**37**

Sa pagdating ng pangkat ni Lakan-Lumayon sa kinaroroonan ng tribo sa paanan ng bundok ay nalaman niyang wala roon ang kanyang kambal na anak. "Nasaan ang kambal?" ang tanong ni Lumayon sa asawa. "Nasa tabi ko lamang sila kanina" ang tugon ni Adlawan. "Rumayan! Subayan! nasan kayo?" ang sigaw ng Lakan.

"Isang pagtugon!" ang sigaw ni Bagusa. "Ang kambal" habang nakaturo sa kakaibang ilwanag na natatanaw sa dalampasigan. Biglang naglaho ang malakas na hangin, tumila na rin ang ulan. Ang mga mamamayan ay namangha sa nangyari at dali-daling nagtungo sa kanilang bayan. Habang sila ay papalapit na sa kanilang bayan ay napansin ng mga ito ang mabangong amoy na dala ng hangin, dahil dito'y nakaramdam sila ng kapanatagan ng loob

Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan
Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco
Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue II
November 2025
Available online at https://www.instabrightgazette.com
****************************************************************************************************
gawa ng kaaya-ayang amoy na ito. Tumambad sa kanilang harapan ang bayan nilang winasak ng unos.

**38**

Nagmamadaling bumaba ng burol si Lakan-Lumayon, nagbabakasakali na matagpuan ang kambal sa kanilang tahanan. Hinalughog nila ang bawat sulok ng bayan. Umaasang makita ang nawawlang kambal. Isang pangkat ng mga kalalakihan ang humahangos na nag ulat sa Lakan. "Panginoon, nanggaling po kami sa baybay ng look, tignan po ninyo ang aiming Nakita" at iniabot ng lalaking mandirigma ang isang bulaklak na ngayon lamang nila nakita, may talulot na kulay puti at lila, ang tangkay naman nito'y napapalibutan ng mga tinik. "Ito po ang pinanggagalinan ng kaaya-ayang amoy, panginoon".

**39**

Madaling natukoy ni Adlawan ang puti at lilang kulay ng mga talulot ng bulaklak. "Ganito ang aking hinabing damit para kay Rumayan". Tumangis ang ina habang hawak ang bulaklak sa kanyang mga kamay. Tinungo ng mga mamayan ang baybayin ng look at namangha ang lahat sa nakita ng kanilang mga mata. Isang makapal at mahabang linya ng halamang matinik na mayroong mga bulaklak na kulay puti at lila. Ito'y nagmistulang mahabang linya na bumabakod sa kabuuan ng baybayin ng look.

Napaluhod si Lakan-Sumayan at Adlawan sa kanilang natunghayan. Simula noo'y hindi na kailanman nagpakita sa kanilang bayan ang Berkakan. Gawa ng hindi gusto ng dambuhalang isda ang mabangong amoy ng bulaklak at ang nakasusugat na tinik nito na nakapalibot sa buong baybayin ng look.

****************************************************************************************************
Editorial Team
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
****************************************************************************************************

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue II
November 2025
Available online at https://www.instabrightgazette.com


Lumipas ang mahabang panahon at napadpad ang mga mananakop na kastila sa bayan ng mga taga-look. Namangha sila sa kagandahan ng bayang iyon. Nakita din nila ang maunlad na pamumuhay at pakikipagkalakalan sa mga kalapit bayan ng mga naninirahan sa baybayin ng look. Ang Magandang baybayin nitong nababakuran ng mga halamang masamyo ang bulaklak na nagdudulot ng kaya-ayang amoy sa hangin ang nagging palatandaan ng mga dayuhan. Dahil dito, tinawag nila ang bayang iyon na *Aromahan* na ang kahuluga'y mabangong bulaklak at *Libis Espina* naman na nangangahulugang mababang lugar ng mga subyang o tinik.

**WAKAS**

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza